# Kabanata 11
## Impormasyon ukol sa pamumuhay



Kobaton, ang mascot ng Saitama


1 **Pagtapon ng mga basura**

2 **Community Association / Residents' Association / Children's Club**

3 **Mga nakagawiang pamumuhay sa Japan**

4 **Transportasyon**

5 **Bangko**

6 **Mga gawain kaugnay sa pakikipag-ugnayan / pakikipagtulungan sa iba't-ibang lahi o bansa**

7 **Turismo**

8 **Library**

9 **Art Museum**

10 **Museum**


Sa pamamagitan ng data broadcasting ng TV Saitama (digital terrestrial broadcasting sa Channel 3), maaaring panoorin ang mga impormasyong ipinagkakaloob ng Saitama Consultation Center sa anim ng wika (wikang Hapon, Ingles, Intsik, Koreano, Portuguese, Espanyol).

---

### 1 Pagtapon ng mga basura

Ang pagkulekta ng mga basura mula sa mga tahanan ay pinangangasiwaan ng bawat munisipalidad. Ang araw ng pagkulekta ay magkaiba at ibinubukod ang mga ito sang-ayon sa uri, tulad ng mga basurang sinusunog at hindi sinusunog, lata at bote, mga bagay na maaaring i-recycle at iba pa. Sa loob ng mga **malalaking basura at mga bagay na mahirap itapon***, may kaso na kung saan kailangang bayaran ang pagkulekta at may mga bagay din na hindi maaaring kulektahin. Depende sa munisipalidad ay magkaiba ang araw ng pagkulekta, paraan ng pag-uuri o pagbubukod, supot ng basura na paglalagyan ng basura, paraan ng pagtapon at tapunan ng mga basura, kaya kailangang sundin ang

mga patakarang itinakda sa pagtapon ng mga basura. Para sa mga detalye, sumangguni sa tanggapan ng Sanitation Division sa sariling munisipalidad.

Ang refrigerator, aircon, TV, washing machine ay hindi maaaring itapon kabilang sa mga malalaking basura. Kailangang sumangguni sa manufacturer o retail stores upang ipakulekta (may bayad) ang nabanggit na mga bagay.

*Ang **malalaking basura at mga bagay na mahirap itapon** ay kinabibilangan ng mga kasangkapan o furnitures, beddings, mga kasangkapang de-kuryente, mga gamit sa kusina, kagamitan sa tahanan at iba pa na lumampas sa itinakdang sukat (Halimbawa: aparador, mesa, upuan, futon, alpombra, bisikleta, video cassette recorders, heaters, gas stove, golf equipment at iba pa.) Para sa mga detalye, sumangguni sa tanggapan ng Sanitation Division sa sariling munisipalidad.

---

## 2 Community Association / Residents' Association / Children's Club

Sa bawat pook ay may samahan ng mga residente o Neighborhood Association na nangangasiwa sa mga gawain sa lokalidad upang bigyang-daan ang pagtutulungan at matiwasay na samahan sa pagitan ng mga residente. Bagama't boluntaryo ang pagsali, hinihikayat ang lahat na sumali at makiisa upang mapalago at mapabuti ang samahan sa loob ng komunidad. May ipinamamamahaging "kairanban" o information bulletin na naglalaman ng impormasyon ukol sa mga pagdiriwang sa lokalidad, mga recreational activities at iba pang mga libangan. Pagkatapos basahin ang mga nilalaman ay ipasa agad ito sa mga kapitbahay.

Sa karamihan sa mga Resident's Association o Neighborhood Association, may nakatalagang Children's Club na kinasasakupan ng mga kabataang nasa Elementary School, kung saan isinasagawa ang iba't-ibang mga gawain tulad ng pagsali sa mga pagdiriwang sa loob ng komunidad, radio calisthenics, mga sports activities, school excursions at iba pa.

Iba't-iba ang membership fee bawat buwan depende sa pinasukang Neighborhood Association. Para sa mga detalye, magtanong sa mga kapitbahay o sa tanggapan ng munisipyong kinabibilangan.

---

## 3 Mga nakagawiang pamumuhay sa Japan

### (1) Pamumuhay sa loob ng tahanan

**Sa pasukan:** Bago pumasok sa loob ng isang tahanan sa Japan ay kailangang dumaan sa "genkan", ang bahagi ng pasukan na pinababa ng isang hakbang mula sa sahig ng tahanan upang maiwasang pumasok ang dumi o alikabok sa loob ng silid. Sa pagpasok sa loob ng tahanan, kailangang tanggalin muna ang sapatos at iwanan ito sa genkan. Maaaring isuot ang room slippers kung may nakahanda.

**Tatami:** Ang "tatami" (planta mats) ay isang flooring material na karaniwang ginagamit sa Japanese-style na tahanan. Kailangang tanggalin ang room slippers kapag papasok sa isang silid na may tatami flooring.

**Futon:** Ang "futon" ay isang Japanese-style bedding na inilalatag sa ibabaw ng tatami flooring tuwing matutulog sa gabi at niliiligpit paggising sa umaga. Dahil mataas ang humidity sa Japan, hangga't maaari ay itabi ang futon sa itaas na lagayan sa pagligpit nito upang mabawasan ang pagkapit ng halumigmig o moisture. Kapag mabuti ang panahon, makakatulong sa kalinisan at pagpapahaba sa serbisyo ng futon at mga kumot kung

ilalabas ang mga ito para maarawan.

**Furo:** Kailangang linisin at banlawang mabuti ang katawan bago pumasok sa "furo" o Japanese bathtub. Pagkatapos magbabad, siguruhing may natitirang tubig para sa ibang gagamit nito bago lumabas. Siguruhing nakasapak nang husto ang stopper sa ilalim ng bathtub para maiwasan ang pag-agos ng tubig sa labas.

**Kubeta:** May nakalaang tsinelas na maaaring gamitin lamang sa loob ng kubeta na bukod sa room slippers na ginagamit sa loob ng tahanan. Gamitin ang tsinelas na ito sa pagpasok sa kubeta kung may nakalaan. May dalawang uri ng kubeta sa Japan, ang Japanese-style (squat-type) at western-style (may upuan).

(2) **Pagbibigay ng regalo**

Nakagawiang magbigay ng regalo sa Japan para sa sumusunod na mga okasyon:

- Kapag lilipat sa bagong tirahan, nakagawiang magbigay ng konting regalo sa mga nakatira sa katabing kuwarto o bahay (tulad ng tuwalya at iba pa).
- Kapag bibisita sa tahanan ng kakilala, karaniwang dinadala ang konting pagkain tulad ng snacks, prutas at iba pa.
- Sa pagbiyahe sa isang lugar para sa bakasyon o business trip, karaniwang bumibili ng pasalubong tulad ng mga snacks sa pook na pinuntahan para ibigay sa mga kasama sa trabaho sa oras ng pag-uwi.

(3) **Mga pagdiriwang at seremonya**

**Seremonya:** Nakaugalian sa Japan ang pagbigay ng regalo o pera sa kasal ng isang kaibigan, sa oras ng panganganak, pagpasok sa paaralan at iba pa. Kung magbibigay ng pera, kailangang ilagay ito sa loob ng isang sobre (shugibukuro) na maaaring bilhin sa tindanan. Karaniwan ay inilalagay ang bagong papel na pera (maaaring magpapalit sa bangko) sa loob ng sobreng ibibigay.

**Kasal:** Ang kasal sa Japan ay karaniwang ginagawa sa mga simbahan, hotel, templo at iba pa. Karamihan sa mga kasal ngayon ay isinasagawa sa kombinasyon ng Japanese at western-style na seremonya. Ang karaniwang suot para sa mga lalaki ay itim na suits, puting shirts at puting kurbata at kimono o formal dress sa mga babae.

**Punerarya:** Kapag namatay ang isang kaibigan, kailangang dumalo sa paglalamay o funeral service ng taong pumanaw. Ang paglalamay ay karaniwang ginagawa sa gabi bago gawin ang funeral ceremony sa sunod na araw. Sa pagdalo sa lamay o funeral ceremony, kailangang ialay ang "kouden bukuro" na isang sobre na naglalaman ng pera (hind maaaring gamitin ang bagong papel na pera) para sa ala-ala ng taong namatay. Pagktapos nito ay kailangang isulat ang pangalan sa loob ng registration book. Ang karaniwang suot ng mga lalaki ay itim na suits, puting shirts at itim na kurbata at formal dress na kulay itim para sa mga babae. Bagama't hindi maaaring magsuot ng anumang alahas o accessories, maaaring magsuot ng necklace na perlas.

(4) **Pagbigay ng tip**

Hindi nakaugalian ang pagbigay ng tip sa Japan. Ang service fee ay nakadagdag na sa singil para sa serbisyong tinanggap mula sa mga mamahaling restaurant, hotel, banquet halls at iba pa

**4 Transportasyon**

(1) **Tren**

May iba't-ibang paraan sa pagbayad ng pasahe sa pagsakay sa tren. Magkaiba ang pasahe para sa bata at mayor de edad (adults). Bilang patakaran, ang "mayor de edad" ay mula 12 taong-gulang at pataas at ang "bata" naman ay mula 6 hanggang 11 taong-gulang. Ang mag-aaral ng Elementary School na nasa 12 taong-gulang ay nasasakop sa kategoryang "bata". Libre ang pagsakay hanggang dalawang bata na wala pang 6 taong-gulang na may kasamang bata o mayor de edad. Ang pangatlong bata na wala pang 6 taong-gulang ay kailangang magbayad ng pasahe para sa "bata". Ang mga sanggol na 0 taong gulang ay libre.

**Regular na ticket:** Ito ang karaniwang ticket na nabibili sa ticket vending machine sa estasyon ng tren.

**Commuter Pass:** Ang "teiki-ken" ay isang card na maaaring gamitin nang ilang beses sa loob ng itinakdang ruta. May 1-Month Pass, 3-Month Pass at iba pa na maaaring pagpilian. Nakaimprinta ang pangalan ng gagamit sa loob ng commuter pass. Hindi ito maaaring gamitin ng ibang tao. Kailangang ipakita ang pagpapatunay o dokumento mula sa paaralan kung gagamit ng commuter pass sa pagpasok sa paaralan. Sumangguni sa kawani ng estasyon ng tren upang alamin ang paraan ng pagbili.

**Multiple-trip Tickets:** Maaaring bumili ng 11 hanggang 14 tickets (kaisu-ken) para sa itinakdang ruta sa halaga ng 10 tickets. Bukod sa bumili nito, maaaring gamitin ng iba ang ganitong uri ng ticket. May itinakdang expiration date sa paggamit ng kaisu-ken. Maaari itong bilhin sa ticket vending machines o ticket window na nasa loob ng mga estasyon ng tren.

*Maaring magkaiba ang klase ng ginagamit at mabibiling ticket ayon sa kumpanya ng tren. Mangyaring magtanong sa empleyado ng istasyon para sa mga detalye.

**Suica at PASMO:**

Ang Suica at PASMO ay mga IC card na ginagamit sa tren at bus na maaaring idaan sa touch pad ng automatic ticket gate. Ang Suica ay ibinibenta ng JR East at ang PASMO naman ay ibinibenta ng mga pribadong kompanya ng tren, mga kompanya ng bus at subway trains. Maaaring gamitin ang Suica sa mga private railways, subway at bus at ang PASMO ay

maaaring gamitin sa JR (Japan Railways). Maaaring gawin ang pag-charge (paglagay ng pera) sa card upang patuloy na magamit kapag malapit nang maubos ang balanse. Sa unang pagbili ng card, may kinakaltas na deposito sa halagang 500 yen. Maaaring makuha uli ang halagang ito sa oras na isauli ang card.

Ang sumusunod ay ang tatlong uri ng Suica at PASMO:

- Commuter Pass: Ito ay isang registered-type card, na kombinasyon ng commuter pass at prepaid card. Ang personal na impormasyon ay nakarehistro at kapag nawala ito ay maaaring gawan uli ng panibago (may bayad). May commuter pass din para sa mga bata.
- Registered Prepaid Card: Ang personal na impormasyon ay nakarehistro at kapag nawala ito ay maaaring gawan uli ng panibago (may bayad). May commuter pass din para sa mga bata.
- Non-Registered Prepaid Card: Walang personal na impormasyon na nakarehistro at kapag nawala ito ay hindi maaaring gawan uli ng panibago.

*May kaso na kung saan ang pasahe ay naiiba sa regular na ticket at iba pa. Para sa mga detalye, sumanggguni sa isang kawani ng estasyon ng tren.

(2) **Bus**

Magkaiba ang pasahe para sa mga bata at mayor de edad (adults). Bilang patakaran, ang “mayor de edad” ay mula 12 taong-gulang at pataas at ang “bata” naman ay mula 6 hanggang 11 taong-gulang. Ang mag-aaral ng Elementary School na nasa 12 taong-gulang ay nasasakop sa kategoryang “bata”. Ang pasahe para sa batang nasa 5 taong-gulang ay maaaring magkaiba depende sa bus, subalit karamihan ay libre ang pagsakay hanggang dalawang bata na may kasamang “mayor de edad” o “bata”. Ang pangatlong bata ay kailangang magbayad ng pasahe para sa “bata”. Ang sanggol na wala pang isang taon ay libre.

Ang paraan sa pagbayad ng pasahe sa pagsakay ng bus ay magkaiba depende sa uri ng bus. Karaniwan ay binabayaran ito pagpasok sa may pintuan sa harapan ng bus. Kapag ang pasukan ay nasa gitna o likod ng bus, hindi kailangang magbayad agad. Sa halip ay kunin ang boarding ticket na may numero mula sa ticket machine sa pasukan ng bus. Sa bahaging itaas sa may upuan ng driver sa harapan ng bus ay may nakalagay na karatula na may listahan ng numero at katumbas na pasahe. Sa pagbaba ng bus, ilagay ang halagang katumbas ng hawak na numero sa bus fare box kasabay ng ticket. Kapag sumakay sa unang biyahe ng bus, may kaso na kung saan walang ticket na matatanggap. Sa panahong ito, pakibayaran ang pasaheng may pinakamataas na halaga na nakalagay sa karatula ng pasahe. Halos lahat ay tumatanggap ng Suica o PASMO sa pagbayad ng pasahe.

Kung gagamit ng Suica o PASMO sa pagbayad, ilapag nang bahagya ang IC Card sa card reader na nakalagay sa may pasukan ng bus para maitakda o mairehistro ang lugar na sinakyan. Sa pagbaba sa destinasyon, ilapag uli nang bahagya ang IC card sa card reader na nasa bus fare box upang makumpleto ang pagbayad.

Ang bus ay humihinto sa susunod na bus stop kapag pinindot ng pasahero ang buzzer. Pakipindot ang buzzer sa may bintana sa oras na marinig ang sariling destinasyon sa voice guidance sa loob ng bus.

(3) **Taxi**

Ang mga bakanteng taxi ay may markang “空車“ (kusha o bakante) na kulay pula sa karatulang nasa harapan ng sasakyan. Sa oras na makita ang bakanteng taxi, maaaring ikaway ang kamay para pahintuin ito. Ang pasahe ay maaaring makita sa taxi meter na nasa passenger seat sa tabi ng driver. May

idinadagdag na singil mula sa 10:00 PM (depende sa lugar ay may nag-uumpisa sa 11:00 PM) hanggang sa 5:00 AM. Sa pagsakay at pagbaba sa sasakyan, hindi na kailangang buksan pa o isara ang pinto dahil awtomatikong kinukontrola ng driver ang pagbukas at pagsara nito.

## 5 Bangko

Kadalasan ay kailangang magbukas ng bank account para sa pagbayad ng sariling tirahan o pagtanggap ng sahod mula sa kompanyang pinapasukan. Sa pagbukas ng sariling account, kailangang ihanda ang mga bagay o dokumentong maaaring magpatunay sa sarili (tulad ng Residence Card, pasaporte at iba pa) pati personal seal o stampa. Depende sa bangko, maaaring magkaiba ang mga pamamaraan at mga dokumentong kailangang ihanda. Para sa karagdagang impormasyon, sumangguni sa tanggapan ng bangkong nais gamitin sa pagbukas ng account. Kasabay ng pagbukas ng account ay maaari din na magpagawa ng cash card na madaling gamitin sa mga ATM cash dispensers.

## 6 Mga gawain kaugnay sa pakikipag-ugnayan / pakikipagtulungan sa iba't-ibang lahi o bansa

Itinataguyod ng Saitama International Association (SIA) ang pagpapalawak sa ugnayan at kooperasyon ng iba't-ibang bansa sa regional level sa pamamagitan ng pagsuporta sa mga international exchange / cooperation activities na kinabibilangan ng mga mamamayan sa loob ng prepektura. Isinasagawa din ang konsultasyon para sa mga dayuhang residente. Bukod pa rito, itinatag din ng SIA ang "International Exchange Plaza" upang suportahan ang iba't-ibang grupo o samahan sa pagtaguyod sa pandaigdig na pakikipag-ugnayan at kooperasyon sa loob ng saitama at magsilbi bilang isang information base para sa mga gawaing suportado ng nabanggit na mga samahan.

☎ **Para sa mga katanungan / konsultasyon**

| Pangalan ng organisasyon | Telepono | Address | Oras ng pagtanggap |
|---|---|---|---|
| Saitama International Association<br><br>https://sia1.jp/ | 048-833-2992 | 3F Urawa Government Office Complex, 5-6-5 Kita-Urawa, Urawa-ku, Saitama-shi | 8:30 - 17:15, Lunes – Biyernes (maliban sa pista opisyal, katapusan ng taon at umpisa ng bagong taon) |

## 7 Turismo

Taglay ng Saitama Prefecture ang iba't-ibang kaakit-akit na katangian. Maraming magagandang nature spots at kilalang sightseeing areas kung saan maaaring maranasan ang ganda ng kalikasan at madama ang kasaysayan at kultura ng lugar. May pasilidad din para sa sports, para sa mahilig mag-ehersisyo.

“Chokotabi Saitama”, ang official tourism website ng Saitama Prefecture

English: https://en.chocotabi-saitama.jp/

Simpleng Chinese: https://ch-kan.chocotabi-saitama.jp/

Traditisyonal na Chinese: https://ch-han.chocotabi-saitama.jp/

Korean: https://kr.chocotabi-saitama.jp/

Thai: https://th.chocotabi-saitama.jp/

"Saitama Tourism Support Desk"
English: https://saitama-supportdesk.com/
Simpleng Chinese: https://saitama-supportdesk.com/zh-hans/
Tradisyonal na Chinese: https://saitama-supportdesk.com/zh-hant/

“Chokotabi Saitama Tourism Information Bureau”
Facebook (English): https://www.facebook.com/saitama.japan.en
Facebook (Tradisyonal na Chinese: Taiwan):
https://www.facebook.com/saitamajapan.zhtw
Facebook (Tradisyonal Chinese: Hong Kong):
https://www.facebook.com/saitamajapan.zhhk/
Facebook (Thai): https://www.facebook.com/saitamajapan.th
Instagram (English): https://www.instagram.com/saitama.japan.official/

Welcome to Sai-no-Kuni – Website ng turismo ng Saitama Prefecture:
https://www.pref.saitama.lg.jp/theme/kankou/

Website para sa impormasyon sa mga ebentong pang-kultura sa Saitama
Impormasyon ukol sa mga ebentong pang-kultura - musika, teatro, art, at iba pang mga ebento at pagtitipon.
http://event-saitama.jp/ (official site)

**8 Library**

Maaring gamitin nang libre ang mga pampublikong aklatan sa Japan. Ang mga naninirahan, nagtatrabaho o nag-aaral sa loob ng Saitama Prefecture ay maaaring humiram ng mga libro, magazine, CD, video at DVD mula sa Saitama Prefectural Library. Maaaring humiling ng isang bagay sa sariling munisipalidad at tanggapin ito mula sa ibang aklatan sa loob ng prepektura. Para sa mga detalye, sumangguni sa pinakamalapit na aklatan sa sariling lokalidad.

Ang Saitama Prefectural Kumagaya Library ay may seksyon ng mga materyales sa mga wikang banyaga. Mayroon ding serbisyo sa paghahanap at konsultasyon na magagamit kung nangangailangan ka ng tulong sa paghahanap ng mga materyales.

## Para sa mga katanungan / konsultasyon

| Pangalan ng organisasyon | Telepono | Address | Oras ng pagbukas |
|---|---|---|---|
| Saitama Prefecture Kumagaya Library | 048-523-6291<br>FAX:048-523-6468 | 5-6-1 Hakoda, Kumagaya-shi | ○ Pangkalahatang materyales, mga bagay na kaugnay sa Saitama, diyaryo, magazine, CD, video, DVD<br>Martes – Biyernes<br>9:00 - 20:00（Hunyo - Septiyembre）<br>9:00 - 19:00（Oktubre – Mayo）<br>Sabado, Linggo, piyesta opisyal<br>9:00 - 17:00<br>○ Mga materyales para sa mga kabataan<br>Martes – Linggo, piyesta opisyal<br>9:00 - 17:00 |
| Saitama Prefecture Kuki Library | 0480-21-2659<br>FAX:0480-21-2791 | 85-5 Shimohayami, Kuki-shi | |
| Urawa Branch, Saitama Prefecture Kumagaya Library* | 048-844-6165<br>FAX:048-844-6166 | 1F Prefectural Archives, 4-3-18, Takasago, Urawa-ku, Saitama-shi | Martes - Linggo 9:00 - 17:00<br>*Service counter para sa paghiram ng pinareserbang materyales, pagsauli at paggawa ng kopya (walang koleksiyon ng mga libro) |

○ Website para sa mga pampublikong aklatan sa loob ng Saitama Prefecture:
https://www.lib.pref.saitama.jp/ (Nihongo)
https://www.lib.pref.saitama.jp/foreign/index.html (中文, 한국・조선어판, Tiếng Việt, English, Portuguese, Español, Français, やさしい日本語)

○ Listahan ng mga pampublikong aklatan sa loob ng Saitama Prefecture
https://www.lib.pref.saitama.jp/collection/docs/chinese.pdf （中文）
https://www.lib.pref.saitama.jp/collection/docs/korean.pdf （한국・조선어판）
https://www.lib.pref.saitama.jp/collection/docs/vietnamese.pdf （Tiếng Việt）
https://www.lib.pref.saitama.jp/collection/docs/english.pdf （English）
https://www.lib.pref.saitama.jp/collection/docs/portuguese.pdf （português）
https://www.lib.pref.saitama.jp/collection/docs/french.pdf （français）
https://www.lib.pref.saitama.jp/collection/docs/spanish.pdf （español）
https://www.lib.pref.saitama.jp/collection/docs/japanese.pdf （やさしい日本語）

○ Listahan ng mga pampublikong aklatan sa loob ng Saitama Prefecture
https://www.lib.pref.saitama.jp/about/post-1.html (Nihongo)

**9 Art Museum**

Ang Saitama Prefecture Museum of Modern Art ay nasa Kita-Urawa Park, na madaling lakarin mula sa JR Kita-Urawa Station. Maaaring makita ang mga mahuhusay na gawa mula sa mga sikat na artists sa ibang bansa tulad ni Monet, Chagall, Picasso at mga Japanese contemporary writers.

Bukod pa rito, makikita din ang maraming "good-design chairs" na naka-display.

## ☎ Para sa mga katanungan / konsultasyon

| Pangalan ng organisasyon | Telepono / Website URL | Address | Oras ng pagbukas |
|---|---|---|---|
| Saitama Prefecture Museum of Modern Art | 048-824-0111<br>https://pref.spec.ed.jp/momas/ | 9-30-1 Tokiwa, Urawa-ku, Saitama-shi | 10:00 - 17:30<br>*Hanggang 17:00 ang pagtanggap sa exhibition room<br>*Sarado tuwing Lunes (bukas sa piyesta opisyal o tuwing Saitama Citizens' Day), sarado sa pagtatapos ng taon at simula ng taon at iba pang pansamantalang pagsasara<br>Bayad sa pagpasok: koleksyon ng MOMAS: 200 yen para sa matanda, 100 yen para sa mga mag-aaral sa kolehiyo at high school, libre para sa mga mag-aaral sa junior high school at mas bata<br>*Ang bayad sa pagpasok para sa mga espesyal na eksibisyon ay naiiba para sa bawat espesyal na eksibisyon. |

**10 Museum**

1. Ang Saitama Prefectural Museum of History and Folklore ay matatagpuan sa loob ng Omiya Park. Ito ay isang komprehensibong museo ng sangkatauhan na tumatalakay sa kasaysayan, mga katutubo at tradisyonal na sining at mayroong malaking koleksyon ng mga dokumento na may kinalaman sa

Saitama prefecture, kabilang ang mga pambansang itinalagang kultural na mga ari-arian tulad ng mga espada, mga punyal, mga Taihei-ki picture scroll at iba.

2. Ang Saitama Prefectural Museum of the Sakitama Ancient Burial Mounds ay matatagpuan sa loob ng itinalagang espesyal na historical site ng Saitama Kofun Cluster. Ang mga silid sa eksibisyon ng museo ay nagpapakita ng mga pambansang itinalagang kayamanan, kagaya ng Musashi Inariyama Kofun artifacts pati na rin ang hindi mabilang na iba pang mga sinaunang materyales na nahukay mula sa mga burol.
3. Ang Saitama Prefectural Ranzan Historical Museum ay matatagpuan sa loob Sugaya Yakata, isang lumang palasyo na inihalal na isang pambansang makasaysayang lugar. Mula sa tirahan ng mga samurai noong panahon ng Kamakura. Ito ay itinayo sa isang lugar na humahantong sa kastilyo ng panahon ng digmaan ng mga probinsya. Isang museo kung saan maaari mong malaman ang tungkol sa Middle Ages ng Saitama Prefecture (mula ika-12 siglo hanggang ika-16 na siglo).
4. Ang Saitama Prefectural Museum of Nature ay isang komprehensibong museo na nagpapakilala sa natural na kalikasan ng Saitama Prefecture, kasaysayan at mga pangyayari, at ng ugnayan sa pagitan ng kalikasan at buhay ng mga tao. Maaaring makita ang aktwal na mga fossil ng "Paleoparadoxia" (isang pambansang itinalagang natural na monumento) at ang naibalik o nabuong muli na modelo ng higanteng pating "Calcarodon Megalodon".
5. Ipinakikilala ng Saitama Prefectural River Museum ang likas na katangian ng ilog ng Arakawa, ang kasaysayan ng mga pagbaha, pagkontrol ng baha, at kasaysayan ng paggamit ng ilog na nakasentro sa paggamit ng bangka bilang transportasyon, ayon sa temang Arakawa, inang ilog ng Saitama Prefecture. Gayundin ipinakikilala din ang ugnayan sa pagitan ng ilog at tubig at ng buhay ng mga tao.

## ☎ Para sa mga katanungan / konsultasyon

| Pangalan ng organisasyon | Telepono / Website URL | Address | Oras ng pagbukas |
|---|---|---|---|

| Pangalan ng organisasyon | Telepono / Website URL | Address | Oras ng pagbukas |
|---|---|---|---|
| 1.Saitama Prefecture Museum of History and Folklore | 048-641-0890<br><br>https://saitama-rekimin.spec.ed.jp/ | 4-219 Takahana-Cho, Omiya-ku, Saitama-shi | 9:00 - 16:30<br>Hulyo at Agosto : 9:00 – 17:00<br>* Huling pagtanggap :<br>30 minuto bago magsara<br>* Sarado tuwing Lunes<br>(bukas sa mga araw ng pista opisyal, Golden Week, Saitama Citizens' Day) Sarado sa Dec.29~Jan.1. Maaring may mga araw ng pansamantalang pagsasara at pagbubukas.<br><br>Bayad sa pagpasok: (regular exhibitions) Karaniwang bayad: 300 yen, High school student/college student :150 yen<br>Ang bayad para sa temporary exhibitions,Special Exhibitions ay maaring magbago.<br><br>*Libre para sa mga mag-aaral sa junior high school at mas bata |

| Pangalan ng organisasyon | Telepono / Website URL | Address | Oras ng pagbukas |
|---|---|---|---|
| 2. Saitama Prefectural Sakitama Historic Site Museum | 048-559-1111<br><br>https://sakitama-muse.spec.ed.jp/ | 4834 Gyoda-shi Saitama, | 9:00-16:30<br>(9:00-17:00 sa Hulyo at Agosto)<br>* Huling pagtanggap: 30 minuto bago magsara<br>* Sarado tuwing Lunes<br>(bukas sa mga araw ng piyesta opisyal, Golden Week, Saitama Citizens' Day),<br>Sarado sa mga araw ng pagtatapos ng taon at pagsimula ng taon.<br>Maaring may mga araw ng pansamantalang pagsasara at pagbubukas.<br>* Ang bayad sa pagpasok sa pangkaraniwan ay 200 yen, college student at high school student :100 yen. Libre para sa mga mag-aaral sa junior high school at mga bata.<br>* Ipinakikilala ang mga materyales sa Saitama Kofun Cluster (kagaya ng Musashi Inariyama Kofun artifacts) at mga makasaysayang materyales sa museo sa maraming mga wika.<br>* May mga pampleta ng impormasyon tungkol sa mga itinalagang kayamanan ng bansa (kagaya ng Musashi Inariyama Kofun artifacts) na nakasalin sa mga banyagang wika. (Mga wika: Nihongo, English, Chinese (simple / tradisyonal), Koreano) |

| Pangalan ng organisasyon | Telepono / Website URL | Address | Oras ng pagbukas |
|---|---|---|---|
| 3. Saitama Prefectural Ranzan Historical Museum | 0493-62-5896<br><br>https://ranzan-shiseki.spec.ed.jp/ | 757 Sugaya, Ranzan machi | 9:00-16:30<br>(9:00-17:00 sa Hulyo at Agosto)<br>* Huling pagtanggap: 30 minuto bago magsara<br>* Sarado tuwing Lunes<br>(bukas sa mga araw ng piyesta opisyal, Golden Week, Saitama Citizens' Day),<br>Sarado sa mga araw ng pagtatapos ng taon at pagsimula ng taon.<br>Maaring may mga araw ng pansamantalang<br>pagsasara at pagbubukas<br>* Ang bayad sa pagpasok sa pangkaraniwan : 100 yen<br>high school student at college student: 50 yen. Libre para sa mga mag-aaral sa junior high school at mga bata |
| 4. Saitama Museum of Natural History | 0494-66-0404<br><br>https://shizen.spec.ed.jp/ | 1417-1, Nagatoro, Nagatoro-machi | 9:00-16:30<br>(9:00-17:00 sa Hulyo at Agosto)<br>*Huling pagtanggap:<br>30 minuto bago magsara<br>* Sarado tuwing Lunes<br>(bukas sa mga araw ng piyesta opisyal, Golden Week, Saitama Citizens' Day, Hulyo 1 ~ Agosto 31),<br>Sarado sa mga araw ng pagtatapos ng taon at pagsimula ng taon.<br>Maaring may mga araw ng pansamantalang pagsasara at pagbubukas<br>* Bayad sa pagpasok : karaniwan :200 yen,college student at high school: 100 yen, libre para sa mga mag-aaral sa junior high school at mga bata |

| Pangalan ng organisasyon | Telepono / Website URL | Address | Oras ng pagbukas |
|---|---|---|---|
| 5. Saitama Prefectural Museum of Tachikawa | 048-581-7333<br><br>https://www.river-museum.jp/ | 39 Kozono Yoriimachi | 9:00-17:00 (may extension ng oras sa summer vacation)<br>*Huling pagtanggap :<br>30 minuto bago magsara<br>* Sarado tuwing Lunes<br>(bukas sa mga araw ng piyesta opisyal,Golden Week, Saitama Citizens' Day, mga araw sa summer vacation)<br>Sarado sa mga araw ng pagtatapos ng taon at pagsimula ng taon.<br>Maaring may mga araw ng pansamantalang pagsasara at pagbubukas.<br>* Bayad sa pagpasok :<br>karaniwan ay 410 yen<br>college student at high school: 200 yen<br>Libre para sa mga mag-aaral sa junior high school at mga bata<br>* Parking fee : 300 yen (regular na sasakyan) |